Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-52 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-10 NG HULYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni (Nakabakasyon) |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 209-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA MAPAGKALOOBAN NG BUWANANG PENSION O' SUBSIDIYA ANG MGA KWALIPIKADONG 'SOLO PARENTS' NA KUMIKITA NANG HINDI LALAGPAS SA MINIMUM WAGE AT MAIPASAMA SA TAUNANG PAGLALAAN PARA SA TAONG 2024, ALINSUNOD SA ITINADHANA NG REPUBLIC ACT NO. 118611 O' MAS KILALA SA TAGURING "EXPANDED SOLO PARENT WELFARE ACT".**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO**
**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO AT KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** minamandato ng Sekyon 9, Artikulo 2 ng 1987 Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas ang pagtataguyod ng dinamikong kaayusang panlipunan na titiyak sa kasaganaan ng bansa, magpapalaya sa sambayanan sa kahirapan sa pamamagitan ng mga patakarang nagtatakda upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan at maiangat ang antas ng pamumuhay ng bawat isa;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunanhing layunin at gampanin ng Pamahaalng Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong sa kagalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Seksyon 15(a) ng Republic Act No. 118611 o mas kilala sa taguring xpanded Solo Parents Welfare Actna ang bawat solo parent ay binibigyan ng Karapatan na mapaglaanan ng kaukulang benepisyo kagaya ng tulong pinansyal, pension o' subsidiya ng pamahalaan;

**SAPAGKAT,** sang-ayon din sa panuntunang inilabas ng Department of Budget and Management partikular sa numero 2.2.9 ng Local Budget Memorandum No. 87, na sa pagtatasa ng taunang paglalaan para sa taong 2024 ng mga pamahalaang lokal ang paglalaan ng budget at ang pagpapatupad ng Seksyon 15(a) ng Republic Act No. 118611 o' pagbibigay ng tulong pinansyal, pension o' subsidiya sa halagang Isang Libong Piso (P1,000.00) bawat isang kwalipikadong Solo Parent;

**SAPAGKAT,** ang buwanang tulong pinansyal na matatanggap ng mga kwalipikadong Solo Parent ay malaking tulong sa kanilang buong pamilya upang maitawid ang kanilang araw-araw na pamumuhay;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Michael M. Aquino,** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad na mapagkalooban ng buwanang pension o' subsidiya ang mga kwalipikadong 'solo parents' na kumikita nang hindi lalagpas sa minimum wage at maipasama sa taunang paglalaan para sa taong 2024, alinsunod sa itinadhana ng Republic Act No. 118611 o mas kilala sa taguring "Expanded Solo Parent Welfare Act".

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07102023